外国人労働者に対する安全衛生教育教材作成事業（建設業）

“Pagbomba ng kongkreto”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

Mga pag-iingat para sa pagpapaandar ng sasakyan ng pambomba o pang-pump ng kongkreto

(1) Nasa mataas na presyon ang pambomba ng kongkreto

Ang pagbomba ng kongkreto ay mapanganib na trabaho kung saan ang basang kongkreto ay ibinibiyahe nang may mataas na presyon. Tandaan na ang pangangailangan ng mas mataas na presyon para sa pagbomba, mas malaki ang mga panganib.



Ang sasakyan ng pambomba ng kongkreto na nagbobomba ng nahalo nang kongkreto sa mataas na presyon

(2) Huwag gabayan ang isang sasakyang naghahalo ng kongkreto

Huwag gabayan ang sasakyan ng nahalo nang kongkreto (agitator na trak), o hawakan ang chute dahil maaari itong magdulot ng malubhang pinsala tulad ng pagkakaipit sa pagitan ng agitator na trak at sasakyan ng pambomba.



Halimbawa ng aksidente ng pagkakaipit sa pagitan ng sasakyan ng pambomba ng kongkreto at isang agitator na trak habang ginagabayan ang isang agitator na trak

(3) Huwag magtrabaho sa hopper screen

Huwag magtrabaho sa hopper screen dahil habang bumababa ang iyong paa sa hopper mula sa puwang sa screen ay maipit sa agitator kung aakyat ka sa hopper screen.



Halimbawa ng aksidenteng nauugnay ang isang taong ibinababa ang kanyang paa sa pagitan ng hopper screen

(4) Pagbawal ng paggamit para sa mga ibang layunin

Ang pag-angat ng mga daluyang tubo at kagamitan gamit ang isang boom ay maaaring mabali ng kargada ang mismong boom. Ang boom ay hindi dapat na gamitin para sa anuman maliban sa pangunahing gamit ng sasakyan ng pambomba ng kongkreto.



Ipagbawal ang paggamit ng boom para sa mga ibang layunin

(5) Pagbawal sa pagtrabaho sa ilalim ng isang boom

Huwag hayaang direktang pumasok ang mga manggagawa sa ilalim ng boom.
May panganib na madawit ang isang tao sa isang aksidente kapag mabali ang boom.



Pagbawal sa pagtrabaho sa ilalim ng isang boom



Halimbawa ng aksidenteng pagkakabali ng isang boom

(6) Huwag magtrabaho sa hindi naaangkop na bilis

Ang trabahong pagbobomba sa hindi naaangkop na bilis ay maaaring magdulot ng pagputok ng daluyang tubo o maaaring humantong sa mga aksidente tulad ng pagsaboy ng mga bagong halong kongkreto.



Ang trabahong pagbobomba ng kongkreto na naaakma sa bilis ng pagbuhos at pagsiksik na trabaho.

(7) Mag-ingat sa trabaho sa boom sa panahon ng mga malalakas na hangin at pagtama ng kidlat

- Huwag gumamit ng boom kapag ang karaniwang bilis ay higit sa 10 m/seg o mas mataas pa sa 10 minuto, o kapag ang pinakamalakas na bilis ng hangin ay 16 m/seg o higit pa. Ihinto ang operasyon at ang natatanggal na pagkahawak ng boom para maiwasan ang mga aksidente kapag may panganib sa kidlat.



Pagbawal ng pagtrabaho gamit ang boom sa malalakas na hangin



Pagbawal ng pagtrabaho gamit ang boom sa panahon ng pagtama ng kidlat

(8) Paglipat ng saksayan ng pambomba pagkatapos na maiurong ang boom at mga outrigger

Kapag naglilipat ng sasakyan ng pambomba ng kongkreto sa isang site, para maiwasan ang mga aksidenteng dulot ng pagkakasagi sa hindi permanenteng bagay o mga kable sa itaas, ganap na iurong ang boom at mga outrigger, at ligtas na gamitin ang mga pang-iwas na aparatong pang-lock tulad ng lock pin o kadena bago ang paglipat.





Halimbawa ng aksidenteng pagkakasagi na dulot ng pagbiyahe nang hindi inuurong ang boom